**International Journal of Research Studies in Education**
2025 Volume 14 Number 5, 101-108

# Impact assessment: Ugnayang pampamayanan na karunungan ay mahalaga sa pagbasa makikita sa pagpapahusay ng literasi sa Barangay 49-Youngfield Lungsod Tacloban




ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

De Mesa, Alvin R. ✉
*Leyte Normal University, Philippines (ar_demesa@ymail.com)*

**Received**: 30 December 2024 **Revised**: 27 January 2025 **Accepted**: 15 February 2025
**Available Online**: 20 February 2025 **DOI**: 10.5861/ijrse.2025.25849

## *Abstract*

The Master of Arts in Education (MAEd) majors in Filipino and the Bachelor of Secondary Education (BSED) major in Filipino have a 5-year (2019-2024) Community Extension Project titled Karunungan ay Mahalaga sa Pagbasa Makikita or Reading Leads to Wisdom. The project is under the Leyte Normal University (LNU) Extension Agenda to improve Literacy, Numeracy, and Language (Waray and Filipino). Its purpose is to help the communities in the neighboring barangays of LNU where Barangay 49-Youngfield of the City of Tacloban was chosen. This study focused on the impact assessment of the 5-year community extension project as stated in the Memorandum of Agreement (MOA) conducted by the Graduate School and the College of Education of LNU. Using the mixed method research design, the level of proficiency in the language (Waray and Filipino) was determined based on the pre-test and post-test provided each year, with 20 items for each subject. From the approved Consent Form of the beneficiaries' parents, qualitative data was obtained from the beneficiaries and their parents. Based on the result, all the pre-test and post-test efficiencies were between no and very low efficiency, while the post-test was between very low and moderate. According to the beneficiaries' experiences, they found it difficult to learn when the pandemic hit, even though the LNU modules were provided. In addition, the parents confirmed what the young beneficiaries said because they had difficulty helping their children learn. The beneficiary youth and their parents mentioned that they are very grateful and indebted to LNU for choosing their barangay because, during the pandemic, LNU was able to share wisdom and even food that they needed, and they had nothing to cling to. Therefore, the project needs to be continued although the barangay captain and parents of the community begged to continue the project in their barangay, the Overall Project Leader decided to share the services of the teachers who handle the aforementioned program and major in other neighboring barangays of LNU not just one but more than one barangay because there are many Extension Workers of LNU.

***Keywords:*** community extension, impact assessments, extension workers, literacy, pre-test and post-test

© The Author(s) / Attribution-NonCommercial-NoDerivs CC BY-NC-ND

# Impact assessment: Ugnayang pampamayanan na karunungan ay mahalaga sa pagbasa makikita sa pagpapahusay ng literasi sa Barangay 49-Youngfield Lungsod Tacloban

## 1. Panimula

Bawat State Colleges and Universities (SUCs) sa buong Pilipinas ay kailangang magsagawa ng Ugnayang Pampamayanan sa mga komunidad na nangangailangan ng kanilang serbisyo batay sa kadalubhasaan ng kanilang unibersidad. Tulad ng Leyte Normal University (LNU), bawat guro ay mayroon lamang anim (6) na opisyal na oras mula Lunes hanggang Biyernes na dapat sana ay walong (8) oras. Dahil nakalagay sa kanilang mga Load Sheets na ang Extension ay To Be Arranged (TBA) na limang (5) oras kada isang linggo at lima (5) naman sa Research kung kaya ang bawat guro na humahawak ng mga programa ng LNU ay kailangang maisakatuparan nila ito sa pamamagitan ng community extension.

Napatunayan ni Dugyon (2016), ang community extension program na isinasagawa ng bawat indibidwal ay kailangang nakatulong nang malaki gaya ng nakapagpabago sa pamumuhay ng komunidad ay masasabing naging makabuluhan o may impact ang naturang programa ng community extension. Dagdag pa ni Dilao (2015), kailangang tiyakin din ng organayser o nagsasagawa ng ugnayang pampamayanan na ang gawain ay natututo ang mamamayan ayon sa kanilang pagsusumikap na matuto mula sa mga extension Workers (guro at mag-aaral) upang masiguro ang kapakinabangan ng proyekto sa buhay ng mga benepisyaryo.

Samantala sina Etwire, et.al (2013), naniniwala na maraming salik ang nakaiimpluwensiya upang maging matagumpay at may impact ang ugnayang community extension. Isa na rito ang interes ng mga benebisyaryo. Sabi pa nila, huwag pilitin ang mga lalahok sa proyekto dahil natitiyak nila na hindi maisasakatuparan ang layunin ng ugnayang pampamayanan. Pinabulaanan nila na hindi lahat ng mga sumasali sa programa ay seryoso kung kaya kailangan agad na abisuhan sila na hindi na sumali sa proyekto dahil marami pa ang interesado. Dahil sa mga nabanggit na literatura, nakita rin ito ng mga mananaliksik kung kaya iminunghi na tiyakin sa susunod na magsagawa ng ugnayang pampamayanan, magkaroon ng mabusising monitoring upang matukoy kung sino sa mga extension workers at benepisyaryo ang hindi na nakikitaan ng interes sa pagsasagawa ng gawain. Pahabol pa, kailangang ang masusing pagkilala sa mga lalahok ng community extension program para hindi masayang ang pagod at gastos ng nagsasagawa ng naturang programa.

***Layunin ng Pag-aaral -*** Nilalayon sa pag-aaral na ito na matukoy ang sumusunod na suliranin batay sa isinagawag pagtukoy ng impact assessment ng Community Extension Project na Karunungan ay Mahalaga sa Pagbasa Makikita na isinagawa sa Barangay 49-Youngfield, Lungsod Tacloban. Ano ang Impact Assessment sa isinagawang Community Extension Project ng MAEd major in Filipino at BSED major in Filipino: Pre-test mula Enero 2019 hanggang Enero 2024 sa mga asignaturang Language, Waray, at sa Filipino. Postest mula Enero 2019 hanggang Enero 2024 sa mga asignaturang Language, Waray, at sa Filipino. Natamong Kaalaman ng mga Kalahok. Natamong Kasanayan ng mga Kalahok. Nakuhang mga Pagpapahalaga at Saloobin ng mga Kalahok. Ano ang karanasan ng mga benepisyarong Kabataan habang at pagkatapos isagawa ang community extension na pinangunahan ng MAEd major in Filipino at BSED major in Filipino?

## 2. Metodolohiya

Inilahad sa bahaging ito ang disenyo pananaliksik, lokal ng pananaliksik, mga kalahok ng pag-aaral, pangangalap ng mga datos, konsiderasyongeEtikal, at instrumentong ginamit.

**Disenyo ng Pag-aaral.** Ginamit ang Mixed Method Research Design dahil pinagsasama ang qualitative at quantitative na pagkolekta at pagsusuri ng datos upang makakuha ng mas mahusay na pag-unawa sa isang paksa ng pananaliksik. Isa itong flexible na paraan na maaaring magbigay ng iba't ibang pananaw at resulta na

maiaangkop sa isinagawang pag-aaral (Wisdom at Creswell (2013). Isinasaalang- alang din nito ang pagsiyasat ng mga sumasagot sa impact ng isinagawang community extension sa pagpapalawig tungkol sa nakuhang kaalaman, kasanayan at pagpapahalaga, at saloobin, at pagsusuri ng programa (Skellyet al., 2014). Ang mean at percentage ay ginamit upang matukoy ang kahusayan ng mga benepisyaryo sa Language (Waray at Filipino). Bukod dito, nabanggit ni Kane (2006), ang 5-point Likert Scale ay gamitin upang matukoy ang epekto ng extension project at mga aktibidad na may kinalaman sa natamo na kaalaman, kasanayan, at halaga bilang resulta ng lecture series ng MAED major in Filipino at BSED major in Filipino.

**Lokal ng Pananaliksik.** Ang Lungsod Tacloban ay isang Urbanisadong Lungsod sa isla ng Leyte sa rehiyon ng Silangang Visayas ng Pilipinas. Ayon sa 2020 census, ang Tacloban ay may populasyon na 251,881, kaya ito ang pinakamataong lungsod sa Silangang Visayas. Dahil sa dami ng mga Barangay ng Lungsod Tacloban, napili ang Barangay 49-Youngfield, ayon sa 2020 Census, ito ay mayroong populasyon na 1,019. Ito ay kumakatawan sa 0.40% ng kabuuang populasyon ng Lungsod Tacloban. Dagdag pa, tinukioy ang Mountain View at Hillside na bahagi ng barangay na ito dahil sa dami ng mga pamilya rito na nasa laylayan.

**Kalahok ng Pag-aaral.** Binigyang-tuon ang mga benepisyaryo na nasa edad na 5 taong gulang sa taong 2019 at sila rin ang naging kalahok sa taong 2020 hanggang 2024 kung saan ang edad na ng mga benepisyaryo ay 10 taong gulang na.

**Pangangalap ng mga Datos.** Ibinatay ang resulta ng Pre-test at Post-test bago at pagkatapos isagawa ang ugnayang pampamayanan sa taong 2019-2024. Sa pagtukoy naman ng impact ng 5-year community extension project, ginamit ang isang Survey Questionnaire kung saan ipinasagot sa mga magulang ng mga benepisyaryo kung Lubos na Sumasang-ayon (5), Bahagyang Sumasang-ayon (4), Sumasang-ayon (3), Hindi sumasang-ayon (2), o Walang Komento (1).

**Konsiderasyong Etikal.** Sa pamamagitan ng Consent Form, inilahad ng mananaliksik ang nilalaman nito at pinalagdaan sa magulang ng bawat benepisyaryo bilang patunay na sumsang-ayon sila na makasali sila kasama ang kanilang mga anak sa pananaliksik na isinagawa,

**Instrumentong Ginamit.** Ang Pre-test at Posttest ay binubuo ng tigdadalawampung aytem at Survey Questionnaire ay sinuri ang Content at Face Validity, Pagsusuri ng Aytem, at tiinukoy ang Kapaniwalaan o reliability ng mga ito (Dillmanet al., 2009).

## 3. Resulta

Inilahad sa bahaging ito ang natuklasan sa isinagawang pag-aaral tungkol sa unang suliranin kaugnay sa impact assessment ng community extension na tinukoy sa pamamagitan ng pre-test at post-test, kasama na rito ang pagtukoy rin sa natamong kaalaman ng mga kalahok, natamong kasanayan ng mga kalahok, at nakuhang mga pagpapahalaga at saloobin ng mga kalahok. Samantala, binigyan din ng pagpapaliwanag ang resulta ng ikalawang suliranin kaugnay sa karanasan ng mga benepisyarong kabataan sa Barangay 49-Youngfield, Lungsod Tacloban habang at pagkatapos isagawa ang community extension na pinangunahan ng MAEd at BSED major ng Filipino.

### *3.1 Impact Assessment*

Upang matukoy ang impact assessment sa isinagawang community extension, inalam ang resulta ng pre-test at post-test.

**Pre-test.** Matutunghayan ang kinalabasan ng Pre-test kung saan ibinigay ito bago simulan ang kada taon na community extension. Ito ay mula 2019-2024. Makikita sa Talahanayang 1 ang resulta ng Pre-test simula sa taong 2019 hanggang 2024 kung saan sa bawat simula ng gawain sa bawat taon ay ***Walang Kahusayan (WK)*** sa mga asignaturang Waray na may mean score na 1.47 at Filipino na may mean score na 1.30. Mapapansin na tuwing nagsisimula ang lecture series sa iba't ibang asignatura ay wala pang kahusayan ang mga benepisyaryo

ng Extension Project ng MAED at BSED major in Filipino.

**Talahanayan 1**
*Pre-test ng taong 2019-2024*

| Taon | Asignatura Waray | Pagpapakahulugan | Asignatura Filipino | Pagpapakahulugan |
|---|---|---|---|---|
| 2019-2020 | 0.17 | Walang Kahusayan | 0.09 | Walang Kahusayan |
| 2020-2021 | 0.00 | Walang Kahusayan | 0.00 | Walang Kahusayan |
| 2021-2022 | 1.04 | Walang Kahusayan | 1.22 | Walang Kahusayan |
| 2022-2023 | 2.43 | Walang Kahusayan | 1.87 | Walang Kahusayan |
| 2023-2024 | 3.70 | Walang Kahusayan | 3.30 | Walang Kahusayan |
| Average Mean | 1.47 | Walang Kahusayan | 1.30 | Walang Kahusayan |

Leyenda: 1-5 Walang Kahusayan (**WK**); 6-10 Di-gaanong Mahusay (**DM**); 11-15 Mahusay (**M**); at 16-20 Napakahusay (**N**)

Pinatotohanan ito ni Attia (2013) na isa sa mga pangunahing salik sa performans ng mga bata ay nakabatay sa kalagayan ng panahon o pamumuhay ng bata. Dahil dito, masasabing ang walang kahusayan sa Waray at Filipino ay bunga ng kalagayan ng mga batang benepisyaryo ng community extension na inilahad sa Talahanayan 1.

**Postest.** Ipinapakita sa Talahanayan 2 ang Posttest na resulta kung saan ibinigay ito tuwing natatapos ang isang taon ng lecture series kada taon. Bagama't hindi tumaas ang antas ng kahusayan, nakuha pa rin ng mga benepisyaryo ang bahagyang pag-angat ng kanilang kahusayan kahit nasa antas pa sila ng walang kahusayan, ito ay natuklasan pagkatapos isagawa ang lecture series sa mga asignaturang Waray at Filipino. Mapapansin sa talahanayan 1 na sa taong 2020-2021, walang nakuhang kahusayan ang mga benepisyaro sa dahilang panahon ito ng unang pananalasa ng Covid-19. Ngunit, sa kabila ng pandemyang naranasan, nagawa pa rin ng MAED at BSED major in Filipino na mga Extension Workers ipagpatuloy ang pagtuturo sa pamamagitan ng module na ibinahagi sa mga benepisyaryo. Sabi nga ni Herrera (2010), marami talagang pagsubok ang dadaanan sa pagsasagawa ng community extension subalit, kung seryoso at tapat ang proyekto sa pagsasagawa nito, hindi mapipigilan ng anumang pagsubok ang mabuting intensiyon ng mga extensioin workers.

**Talahanayan 2**
*Post-test ng taong 2019-2024*

| Taon | Asignatura Waray | Pagpapakahulugan | Asignatura Filipino | Pagpapakahulugan |
|---|---|---|---|---|
| 2019-2020 | 11.57 | Mahusay | 11.09 | Mahusay |
| 2020-2021 | 8.61 | Mahusay | 8.57 | Mahusay |
| 2021-2022 | 13.26 | Mahusay | 13.26 | Mahusay |
| 2022-2023 | 14.09 | Mahusay | 14.30 | Mahusay |
| 2023-2024 | 15.22 | Mahusay | 14.38 | Mahusay |
| Average Mean | 12.55 | Mahusay | 12.32 | Mahusay |

Leyenda: 1-5 Walang Kahusayan (**WK**); 6-10 Di-gaanong Mahusay (**DM**); 11-15 Mahusay (**M**); at 16-20 Napakahusay (**N**)

Dagdag pa, sa Talahanayan 2 ay ipinakita ang pagbabago sa natamong kabatiran ng mga kalahok kung saan Mahusay ang nakuha nila na mean score. Ngunit napansin ng mananaliksik na sa taong 2020-2021 ay napakababa ang natamong kabatiran ng mga kabataan dahil sa pandemyang naranasan sa mga taong ito subalit, tumaas naman ang kanilang performans sa taong 2021-2024 (Bradley, 2008). Patunay lamang ito na hindi naging balakid ang pandemya sa pagsasagawa ng Extension Project para lamang matulungan ang mga kabataan na matuto sa iba't ibang asignatura. Samakatuwid, ang mga benepisyaryong hindi marunong magbasa at ang mga marunong magbasa ngunit hindi nauunawaan ang binabasa ay masasabing matagumpay na nagampanan ng mga Extension Workers na humahawak at mag-aaral ng programang MAED at BSED major ng Filipino.

**Natamong Kaalaman ng mga Kalahok.** Ipinapakita sa Talahanayan 3 na ang natamong kabatiran ng mga mga benepisyaryo sa isinagawang community extension ay **Lubos na Sumasang-ayon** sila na may Means Score na 4.79. Patunay lamang ito na naging makabuluhan ang isinagawang ugnayang pampamayanan dahil natamo ng mga kalahok ang mga inaasahan na kaalaman na ibinahagi ng mga guro at mag-aaral ng MAED at BSED major in Filipino.

**Talahanayan 3**
*Natamong Kaalaman*

| Natamong Kabatiran | Mean | Deskriptibong Pagpaspakahulugan |
|---|---|---|
| Marami akong nakuhang kaalaman sa lahat ng mga asignatura. | 4.65 | Lubos na sumasang-ayon |
| Natuto na akong bumasa na walang tulong ng iba. | 4.70 | Lubos na sumasang-ayon |
| Nauunawaan ko na ang aking mga binabasa. | 4.96 | Lubos na sumasang-ayon |
| Lumawak ang aking kaalaman sa iba't ibang asignatura. | 4.74 | Lubos na sumasang-ayon |
| Naiintindihan ko ang mga paksa sa bawat asignatura. | 4.91 | Lubos na sumasang-ayon |
| KABUAANG MEAN | 4.79 | Lubos na sumasang-ayon |

Leyenda: Lubos na Hindi Sumasang-ayon 1.00-1.50; Hindi Sumasang-ayon 1-51-2.50; Hindi makapagpasya 2,51-3.50; Sumasang-ayon 3.51-4.50; at Lubos na Sumasang-ayon 4.51-5.00

Pinatunayan lamang ng mga benepisyaryo na naging epektibo ang pagtuturo ng mga extension worker na mga MAED at BSED major in Filipino dahil talaga namang makikita sa Talahanayan 3 ang mga patunay kung saan mayroong natamong kaalaman ang mga benepisyaryo sa isinagawang community extension. Naniniwala sina Llenares at Deocaris (2018) na kung maganda ang epekto ng community extension, mabuting ito ay ipagpatuloy sa iba pang komunidad na nagpapakita rin ng interes na lumahok sa nasabing gawain.

**Natamong Kasanayan.** Sa Talahanayan 4, ipinapakita ang mga natamong kasanayan sa Waray at Filipino kung saan may mean na 4.52 na ang ibig sabihin na *Sumasang-ayon* ang mga kalahok na nakikilala nila ang mga magkakasingkahulugan na mga salita. Samantala, ang mean score na 4.74 na ang ibig sabihin ay *Lubos na Sumasang-ayon* ang mga kalahok na natutukoy na nila ang nilalaman ng mga babasahin na angkop sa kanilang edad. Ang 4.22 na mean score na ibig sabihin ay *Lubos na Sumasang-ayon* ang mga kalahok na naiaangkop na nila ang mga tamang bilang at problema sa tuwing sila ay nagbebenta ng kanilang mga paninda. Samantala,a ng 4.43 na mean score na ibig sabihin ay *Lubos na Sumasang-ayon* ang mga kalahok na nagagamit na nila wastong pangungusap sa kanilang liham at pakikipagtalastasan. Panghuli, *Lubos din na Sumasang-ayon* ang mga kalahok na may mean score na 4.70 kung saan nagkaroon na sila ng kakayahan na makapagbigay ng konklusyon sa isang gawain.

Patunay lamang ito na malaki ang naitutulong ng mga paaralang nagsasagawa ng community extension sa mga komunidad dahil natutulungan ang mga mamamayan na maging literate sa lahat ng bagay (Mojares at Baconguis, 2015).

**Talahanayan 4**
*Natamong Kasanayan ng mga Kalahok*

| Natamong Kasanayan | Mean | Deskriptibong Pagpaspakahulugan |
|---|---|---|
| Nakikilala ko na ang mga magkasingkahulugan na mga salita. | 4.52 | Lubos na sumasang-ayon |
| Natutukoy ko na ang nilalaman ng mga babasahin | 4.74 | Lubos na sumasang-ayon |
| Naiaangkop ko na ang mga tamang bilang sa isang problema. | 4.22 | Sumasang-ayon |
| Nagagamit ko na ang wastong pangungusap. | 4.43 | Sumasang-ayon |
| Naibibigay ko na ang konklusyon ng isang gawain. | 4.70 | Lubos na sumasang-ayon |
| KABUAANG MEAN | 4.52 | Lubos na sumasang-ayon |

Leyenda: Lubos na Hindi Sumasang-ayon 1.00-1.50; Hindi Sumasang-ayon 1-51-2.50; Hindi makapagpasya 2,51-3.50; Sumasang-ayon 3.51-4.50; at Lubos na Sumasang-ayon 4.51-5.00

**Nakuhang Pagpapahalaga at Saloobin ng mga Kalahok.** Nakalahad sa Talahanayan 5 ang mga Nakuhang Pagpapahalaga at Saloobin ng mga Kalahok sa isinagawang community extension ng MAED at BSED major in Filipino. Napahahalagahan nila ang pagtuturo ng guro at pagkatuto nila sa panahon na isinasagawa ang lecture series ng LNU na may 4.57 na mean score na ang ibig sabihin ay *Lubos na Sumasang-ayon* sila. Mula nang sila ay napabilang sa mga benepisyaryo, naging mapagmasid at mapagbantay na sila tuwing darating sa kanilang barangay ang mga taga-LNU upang magturo at magbahagi ng kaalaman na may mean score na 5.00 na ang ibig sabihin ay *Lubos na Sumasang-ayon* sila. Naniniwala rin sila na dapat pahalagahan ang kaugalian at pakikipagkapwa na may mean score na 4.87 na ibig sabihin ay *Lubos na Sumasang-ayon* sila. Mayroon silang mabubuting gawi sa trabaho, ugali at pagpapahalaga tungo sa kahusayan, pagiging produktibo at pagpapanatili ng mabuting pag-uugali simula nang isa sila sa mga naging benepisyaryo ng community extension na ginawa ng LNU na may mean score na 4.96 na ang ibig sabihin na sila ay *Lubos na Sumasang-ayon*. Batid na nila ang pagbabadget, paghahati-hati o pagsasama-sama ng mga kailangang gastusin o hindi kailangan magmula nang

mapabilang sila sa ugnayang pampamayanan ng LNU na may mean score na may 4.78 na ang ibig sabihin sila ay *Lubos na Sumasang-ayon*. Dahil dito nakuha ang Kabuuang mean Score na 4.84 na ibig sabihin na sila ay *Lubos na Sumasang-ayon*.

Samakatuwid, totoo ang sinasabi nina Tirivanhu, et.al. (2015), na ang bawat community extension ay kapakipakinabang sa mga mamamayan lalo na sa mga nasa laylayan na hindi maibigay ng pamahalaan.

**Talahanayan 5**
*Nakuhang mga Pagpapahalaga at Saloobin ng mga Kalahok*

| Nakuhang mga Pagpapahalaga at Saloobin | Mean | Deskriptibong Pagpaspakahulugan |
|---|---|---|
| Napahahalagahan ko na ang pagtuturo ng guro at ang aking pagkatuto. | 4.57 | Lubos na sumasang-ayon |
| Mapagmasid at mapagbantay na ako sa Extension ng LNU. | 5.00 | Lubos na sumasang-ayon |
| Naniniwala ako na dapat pahalagahan ang kaugalian at pakikipagkapwa. | 4.87 | Lubos na sumasang-ayon |
| Mayroon akong mabubuting gawi sa trabaho, ugali at pagpapahalaga tungo sa kahusayan, pagiging produktibo at pagpapanatili mabuting pag-uugali. | 4.96 | Lubos na sumasang-ayon |
| Batid ko na ang pagbabadget, paghahati-hati o pagsasama-sama ng mga kailangang gastusin o hindi kailangan | 4.78 | Lubos na sumasang-ayon |
| KABUAANG MEAN | 4.84 | Lubos na Sumasang-ayon |

Leyenda: Lubos na Hindi Sumasang-ayon 1.00-1.50; Hindi Sumasang-ayon 1-51-2.50; Hindi makapagpasya 2,51-3.50; Sumasang-ayon 3.51-4.50; at Lubos na Sumasang-ayon 4.51-5.00

**Karanasan ng mga benepisyaryong Kabataan habang at pagkatapos isagawa ang ugnayang pampamayanan.** Ipinapakita sa Talahanayan 6 ang Karanasan ng mga mag-aaral bago at pagkatapos isagawa ang Community Extension Project ng LNU kung saan sa unang kolum ay mapapansing negatibo ang pagtanggap o pagtingin ng mga kalahok bago isagawa ang proyekto hanggang sa unti-unti ay napatunayan nila na lubhang makabuluhan ang naturang gawain kung kaya makikita sa ikalawang kolum na pagkatapos ng proyekto at naging positibo ang naging karanasan ng mga kalahok (Dugyon, 2016).

**Talahanayan 6**
*Karanasan ng mga Kabataan bago at pagkatapos sa Isagawa ang Extension Project*

| Bago Isagawa ang Extension Project | Pagkatapos Isagawa ang Extension Project |
|---|---|
| Nag-aalinlangan o nagdadalawang isip sa pagsali sa Lecture Series ng LNU. | Nawala ang Pag-aalinlangan o pagdadalawang-isip na sumali sa isinagawang Extension Project ng LNU. |
| Sumali pero hindi opisyal na naitala ng mga gurong mag-aaral ng LNU dahil sa pabago-bago ang isip na sumali. | Walang pagsisi na naisama sa talaan ng mga benepisyaryong kabataan sa isinagawang Extension Project ng LNU. |
| Hindi pinayagan ng magulang na sumali dahil sa sila ang inaasahan sa mga gawaing bahay. | Mabuting napilit ang mga magulang na sumali at napatunayan nila na may saysay ang pagsali nila. |
| Walang maayos na lugar na pagdarausan ng Lecture Series ng LNU dahil ang mga Opisyales ng Barangay ay hindi nakikipagtulungan. | Napansin ng buong komunidad ang pakinabang ng Extension Project ng LNU kung kaya naglaan sila ng Lugar na pagdarausan. |

Tunay ngang masasabing ang community extension na isinagawa ng MAED at BSED major in Filipino ay nararapat lamang na manatili at ipagpatuloy pa upang marami pang mamamayan ang matulungan pagdating sa usaping literasi (Too at Bajracharya, 2015).

## 4. Konklusyon

Batay sa mabusising pagsusuri ng mga datos, natukoy sa resulta ng pag-aaral ang sumusunod na konklusyon:

1. Batay sa resulta ng Pre-test taon-taon, walang kahusayan sa mga asignaturang Waray at Filipino ang mga kabataan na kasali sa Extension Project na isinagawa ng MAED at BSED major in Filipino.
2. Naging mahusay sa asignaturang Waray at Filipino ang mga kabataan na kasali sa community extension na isinagawa ng LNU batay sa resulta ng Post-test.

3. Lubos na sumasang-ayon ang mga kalahok sa mga natamong kaalaman sa isinagawang Community Extension ng LNU.
4. Lubos na Sumasang-ayon ang mga kalahok na natamo nila ang mga kasanayan na dapat nilang matutuhan sa proyektong ugnayang pampamayanan ng LNU.
5. Lubos na Sumasang-ayon ang mga kalahok sa Nakuhang mga Pagpapahalaga at Saloobin mula nang mapasali sila sa community extension ng LNU.
6. Mga negatibo ang mga naging karanasan ng mga Kabataan bago isagawa ang community extension at naging positibo ito pagkatapos isagawa ang proyekto.

*4.1 Rekomendasyon*

Nabuo ang sumusunod na rekomendasyon batay sa inilahad sa konklusyon.

- Ipagpatuloy ang pagsasagawa ng Community Extension sa mga lugar na nangangailangan ng mga magtuturo ng Literacy at Numeracy.
- Ituro ang mga kailangang kaalaman at kasanayan na dapat matamo ng mga kabataan sa komunidad lalo na sa mga hindi marunong bumasa at sa mga marunong bumasa ngunit hindi nauunawaan ang binabasa sa Waray at Filipino.
- Manatiling positibo sa pagsasagawa ng Community Extension Project kahit sa una ay hindi pa nakikita ng komunidad ang kabuluhan nito dahil unti-unti nila itong matatanggap at magkakaroon sila ng pagkukusa na sumali.

**5. Sanggunian**


Attia, N. (2013). Big Five personality factors and individual performance. Master's Abstracts International, Vol. 52 No. 4.

Bradley, D.F. (2008). A unique tool for closing the gap. Journal of the Alliance of Black School Educators, Vol. 6 No. 2, pp. 20-31.

Dilao, A. (2015). Impact of Community Extension Program on the Residents of BarangayCatadman Manabay.http://local.lsu.edu.ph/institutional_research_office/ public cations/vol.15no.6/6.html

Dugyon, E. M. (2016). Impact of Community Extension Programs on The Residents of Selected adoptedBarangays of Ifugao State University, Philippines. https://www.scribd.com/document/319075221/impact-of-community-extension-programs-on-the-residents-of-selected-adopted-barangays-ofifugao-state-university-philippines.

Etwire, P. M., Dogbe, W., Wiredu, A. N., Martey, E., Etwire, E., Robert, K., & Wahaga, E. (2013). Factors influencing farmer's participation in agricultural projects:The case of the Agricultural Value Chain Mentorship Project in the Northern Region of Ghana. 4(10), 36–44.

Dillman, D., Smyth, J., & Christian, L. (2009). Internet, Mail, and Mixed-Mode Surveys: The Tailored Design Method. 3rd ed . Hoboken, NJ : Wiley.

Herrera, Fernando. (2010). Impact Assessment of Community Extension Services of Saint Joseph Institute of Technology. https://ejournals.ph/article.php?id=7438.

Kane, M.T. (2006). Validation in Educational Measurement. 4th ed . Westport, CT: American Council on Education/Praeger.

Llenares, I.I., & Deocaris, C.C. (2018). Measuring the Impact of a Community Extension Program in the Philippines.

Mojares, J.G., & Baconguis, R.D. (2015). Extension Function in Higher Educational Institutions: Learning from HEIs in Batangas Province, Philippines. *USM R&D*

Skelly, J.D., Hill, G.C., & Singletary, L. (2014). Probing Needs Assessment Data in Depth to Target Programs More Effectively. *Journal of Extension Journal, 23*.

Tirivanhu, P., Matondi, P.B., & Groenewald, I. (2015). Comprehensive Community Initiative: Evaluation of a transformation system in Mhakwe community in Zimbabwe. *Development Southern Africa, 32*, 785 - 800.20.

Too, L., & Bajracharya, B. (2015). Sustainable campus: engaging the community in sustainability. *International Journal of Sustainability in Higher Education, 16*, 57-71.

Wisdom J. & Creswell J.W. (2013). Mixed methods: integrating quantitative and qualitative data collection and analysis while studying patient-centered medical home models. Rockville, MD: Agency for Healthcare Research and Quality.